
# Sagutan ng nawawala at naghahanap

NI **KA PASCUAL**
**(JETHRO ISAAC FERRER)**



## PARA SA MGA NAGHAHANAP

Sambitin mo sa akin ang mga pinakamatamis na salita
Mga katagang tatahan sa akin sa panahon ng sigwa
Ilarawan mo sa akin ang pinakamarikit na tanawin
Na tiyak kong aalahanin tulad ng ningning ng mga bituin

Ang lamig ng aking papag at ginaw na nadarama
Init ng paso ng sigarilyo, bawat pasa sa aking mukha
Hapdi ng aking mga sugat, mga bugbog at galos
Wala pa ito sa nararanasan ng bayan kong naghihikahos

Damhin mo ang bawat piglas at dinggin ang aking mga sigaw
Lumalaban ako para mabuhay, yan ang aking alingawngaw
Kalagin mo ang aking gapos, tanggalin mo ang aking busal
Ibalik mo ang aking puri, itayo ang aking dangal

## PARA SA MGA NAWAWALA

Sa pusikit na liwanag pilit kitang tinatanglaw
Upang bigyang pag-asa ang puso kong namamanglaw
Sa tahimik na gabi nais kong pakinggan ang yong tinig
Ang iyong mga salita at awit hiling kong muling marinig

Nasaan ka man ngayon, mahal naming kasama
Laging tanaw ka namin saanman kami magpunta
Sa bawat masang aping iyong pinaglilingkuran
Ikaw ay imortal at walang kamatayan

Pagkat kayo'y mga tunay na anak ng bayan
Mananatiling buhay sa aming puso at isipan
Hindi malilimutan, mawawaglit, mawawala
Sa piling ng masang anakpawis mananatili ka



*Ang tulang ito ay orihinal na inialay kay Rizalina Ilagan at iba pang mga desaparecidos sa panahon ng diktadurang US-Marcos I. Muli itong inilathala sa okasyon ng Agosto 30, 2024, Pandaigdigang Araw ng Desaparecidos (International Day of the Disappeared).*

*Sa Timog Katagalugan, hinahanap pa rin si Mariano Jolongbayan, isang organisador ng mga magsasaka at mangingisda sa Batangas, na sapilitang winala sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II noong Setyembre 17, 2023.*

**ILITAW ANG LAHAT NG DESAPARECIDOS!**

NATIONAL DEMOCRATIC FRONT
NDF
SOUTHERN TAGALOG